

ANG KAPATID NG BAYAN

DIRECTOR: P. H. POBLETE

I Taon

Ang diariang ito, ilinalathala sa araw araw sa umaga. REDACCION at ADMINISTRACION Daan nang San Fernando, num. 17. Binundok at daan Gunao no 4, Kiapo. Ang halaga ng mga anunsio ay apat na centimo isang linea. Ang mga PADALANG SULAT at BALITA sa PAG-CAMATAY, ANIM na centimos isang linea.

MAYNILA

Martes, 3 ng Octubre ng 1899.

Halaga nang suscripcion dito sa Maynila at sa mga arrabal: ISANG SALAPI hawak isang bowan. Sa provincia'y dalawang piso sa tatlong bowan. IPAPAGPAUNA ANG BAYAD. Cung sumuscribē sa diarong EL GRITO DEL PUEBLO at sa ANG KAPATID NANG BAYAN, APAT NA PESETA isang bowan: sa provincia'y TATLONG PISO sa tatlong bowan. APAT NA CUARTA bawat, isang diario.

89 Bilang

ANG KAPATID NG BAYAN

PAGUSIGUING MAHIGPIT

ang "Matanda sa punso"

(Carugtong)

Pues Vinay: muli at muli ang bilin co sa iyo at sa lahat ng casama mo sa bahay at ilang camag-anac mo na sa arao arao at oras oras dagdaguin ang pananalangin at pagmamacaaua sa mahal na Virgen at sa mahal na Señor at sa calulua sa Purgatorio: at ngayon hindi panahon ng pag-impoc ng cayamanan ni pagdidiwersion at panahon ngayon ng pagsisi; at cing dumating na ang arao at oras na iniintay ay doon na maquiquita ang totoong malaquing himala na dapat ipagtaca: ito ang capalit nang fin del Mundo na nasasabi sa mahal na Pasion ng ating Panginoong Jesucristo: na ang lahat ng masasamang supling cing бага sa cahoy ay mamamatay: caya mientras may panahon dadagdaguin ang pagtauag sa Dios at sa mahal na Virgen ang Santisimo Rosario uag lilimutin sa arao arao sa umaga at sa hapon pangilagan ang gauang mahalay mga disparate: at cing may lugar at maluag ang calagayan ninio utusin mo si Maria sa aking kapatid na cay Cecilio: na sabihin sa alan co na cing ibig nia baca mayroon siang icacacaya at nang paquinabangin niya mag-abuloy sia sa aming mga g-istos ng isang daan apat na piso: ang apat na piso para pamisa sa mahal na Virgen at icalua sa mahal na Señor at icalua para sa mga calulua sa Purgatorio ang icaapat sa lahat ng Santos at Santa na bilang pasalamat sa canila sa pagcat silang malacas tumulong sa atin at caming tao nang mahal na... mairon caming anim na pung libo at pitong daan ang apat na picong bigas ang ilulugao ay mairon pang hindi nacain dahilan sa dami ng tao: lalit higit ngayon ay totoong malaquing gastos ang mga tao: nacacalat sa dagat mairon na sa lloilo: at mairon dito sa Maynila; caya uag manhinayang magsipagabuloy, at cing malaqui man yaabuloy nila lalong malaqui ang maguiguig gante caya sabihin quila capitán Andeng ina ni Compareng Venancio cay Iray si

uping na caibigan mo; si cabisan Justo at si Bandomg at nang huag silang abutin ng pagsisisi na cing dumating na ang panahon at hindi nila paquiquinabangin at cing mag cataon mauala pa ang buhay nila; caya muli at muli ang bilin co uag mairon ngayon at hindi rin iamang paquiquinabangin na cing dumating na ang arao at oras na intay mauualang cabuluhan at icaon naman uag nang bibili nang damit at masasasayang lamang at ibang mga traje ang gagamitin at ang mga Bata uag pababayaan di turuan nang pagquilala sa Dios at pananalangin at ang Bulac na pinadala dito nang mahal na... uag alisin sa catawan at iniong mahalin at yan ang magsasalva ng iniong buhay at cing mairon magbigay abuloy ipadalang madali o cing hindi masqui si Bandomg o si Ignacio o paparituhin na siyang magdala o cing hindi, baca narian pa ang inutusan ng... iniong ibagay at sabihin na sila iniintay ng mag... sa madaling panahon at malaquing totoong calangan at sabihin naman sa lahat ng familia ng mga tio na na na sa poder ng mahal na mag... na uag padaig sa mga tucso at uag magsintimiento ng hindi pagsulat sa canila sa pagcat ayao magpasulat ang... at aco lamang pinasusulat at ito pinacapinetencia nio at magtiis ng caonting hirap at hindi mahuluatan darating camang maibabalita co sa inio na dito sa Singapor ualang macaparis ang aming bahay nagtatacang lahat dito sa Singapor ang mga tao; at mantencion sa amin ng mag... isang libo ang isang lingo, caya caming mag-sicain ay de Cubiertos at de Mantel: ang Calesa dito sa Singapor ay tao ang nahila, at cing caming mapapasial cing isang veinte pesos nagagastahan ang Calle Queen Street no 170 ang lahat ng tao na sa poder... quincumusta ang canicanilang familia lagit higit si mang José; nahalic ng caya sa caniyang Ina narian natitira cay Cumaring Chanang at aco naman tangapin mo cumustang ualang catapusan at aking benedicionan ang mga bata at cing magcaroon ca ng cuarta uag lilimutin ang pagpapamisa una sa mahal na Virgen at icalawa sa mahal na Señor icalua sa calulua sa Purgatorio pagpilitan macaparon si Mariano cay Cilia dalhin itong sulat uag ariin biro: sa arao at gabi

at oras oras dagdaguin ang pagtauag sa mahal na Virgen at sa mahal na Señor at sa Calulua sa Purgatorio na cahit man uari na tayo magquitaquitang muli sabihin cay Mariano at si Ignacio at si Leoncio na dagdaguin ang cabaitin pangilagan ang gauang masama ang mga disparate at ibang panahon itong ating hihirap. Cumustang maraming ualang catapusan sila.

Nor Pendoh, Itong, Bandomg, Inasio, Mari no, Leoncio, cavisang Justo, Manuel, sila Quicoy y Nang nang comireng Neneng, Neneng y Nacio si Juanita, Engay, Biang, Sisang, saca pala si Lego: si Uping caibigan mo at mga kapatid co.

Su affm. Esposo y Cuñado amigo y miga.

Jir. Gregorio Dugca.

P. D. Ang mag asawang si aleng Biang Itoy si Sianang Berong Yayang Basilio sila Ata comustang maraming marami.—Vale.

Mga cababayan, hindi ninyo caming masisi sa mga bagay na ito sa pagcat isang lingo na namin cayong inaanatay dito sa redaccion ay hindi cayo nangagsisipit, at cing ayao rin cayo ang lalong mahigpit ang isulat co sa susunod, upang talbang cayo ng caunti man lamang cahihyan; surin ninyong magaling ang mga natatala sa itaas, at cing may mga sicmura ang nacapatid dito sa hangal na capisanang itinatag ng tacsil, palamara at buctot na si José Sayde na pauang camingmangan at caululan; iibignin pa ang camatayan huag lamang mawicang hangal.

Kahabaghabag cayo, mga cababayan, cing dumating ang oras ng inyong camatayan, wala cayong mapagpagsulat na cagalingan sa tunay na Dios.

Magpacatatag cayo mga manong at manang na nacapatid sa Nazarenong gala, at sa pagsulat cong muli ay ilalagay co na ang inyong pangalan, at hindi magaalapa-ap ang puso co cahit ang caramihan ay cayong nacabihyang cababayan.

MODESTO SANTIAGO.

Ang utang na loob

Saa't saan man ay siyang nangyari, na pagcatapus ng ano mang

ICALIMANG DIGMA

Papasoc ang isang sacristan at iabot ang diario.

P. Lucas. —[Por la patria] Fern. —[Patrial] Yaong arzobispo hangal pa sa hangal... loco pa sa loco... at sinong tagalog sasabihin ninyo. ang mananalangin sila ay matalo?

Kaco. —[Guapeyal] guapeyal sigulo hindi nga hihingit tangaloc sa canna masam a Fern.

[Hihingit sa Dios mamatay ang madla at ang manatili'y adhicang laya.

At ang ninasa ng mga tagalog ay di ngayon lamang tinulot ng Dios, na iyan ang Francia't Americang bantog at ang iba't ibang nagsariling lubos.

Inyong matatanong bakin caya бага canilang hinangad ang independencia, at ang calayaan caya'y republica na ibinabangon ng bala't espada.

Magbuclat ng libro ai siyang sasagot sa aking sinabi na lubhang matayog, caya ang marapat atin ng idulot ang canilang lupang caluob ng Dios.

Peña. —Hindi mangyayari sa pagcat ang badya noong si Comenge'y a la fiera se le mata,

pita sa pinagpipitahan ay kinalilimutan na, at winawalang bahala.

Itong bagay na ito ay dipat na alisin at hindi nararapat limutan hangang nabubuhay, sa pagcat cing hindi ang pinagpipitahan ay walang ayo mung mangyayari, na ipaghalimbawa natin cing бага isang napipiit sa oras na dili cacin ang asiwat anic, ay napag-taccap an ang cagutuman, kinacaila- ng ng huag limutin, sacaling nabayaran man ang naipagtakip, di paris ng namamasid na cing tapus na, ay tapus na nga, at hindi man batiin cahit masumpong sa daan, at wari pning pinagmamalakihan ang pinagcautangan ng loob.

Nang panahon ng nasirang castila, bawat bayan ay may namiminunong capitan at ibang mangalagad, at may mga cabisang namamahala ng pagsingil sa bowis at tugpa, cing macatama ca nang cabisang walang apd, na ang isip ay busisal, walang gagawin cing di singiin ng singilin ang tawo sa caniyang balangay at isilid sa caniyang bituca o caya'y puhunan sa sugal, ipagmarikit, at ikita ng calaguyo, lalong lalo na cing ang capitan o tininti mayor ay mahusay na tawo na macapagtatakip ng casiraan ng capuwa, ipinagpapamanhin na ang mga ibinabala ng may capangyarihang puno.

Dumating ang araw ng paghahilali sa capitan, sa pagcat ito ay dalawang taon lamang, nahalinhin at naiwan ang cabisa, muli na namang manunuyo sa bagong na halili at gayon din a g nangyari lumalaki ang utang at mahigpit pang sumingil sa balangay cing totoong walang maibayad ay cahit ano ang makita sa pamamahay, manoc, baboy at iba pa ay siyang cucunin, nguni hindi nababawasan ang utang ng mga caawaawang mamomowis, ang gawa nitong mga cabisang ito ay maiwawangis co sa ilang mga nagtutinda ng carne, na ang puhunan ay isang cucuhilong panghiwa isang bilawo at ang pakikiusap sa tinatawag na ganadero, gayon din naman ang mga cabisa na ang pinuhunan ay isang chaqueta lamang.

Ang mga magtutinda ng carne na aking binanguit ay gayari ang gawa: hahingo sila sa umaga ng cabiac na vaca; at ipaghalimbawa natin na ang halaga ay dalawang pung piso, sa kinabucasan ay babayaran sa may ari ang calahati

nito ang iba naman ay "queda" ang tagaw, di may sampu ng utang ito ring umagang ito ay hahango na namin ng isang bwo na ang halaga ay limang pung piso, sa kinacalawahan ay babayaran ang queda na sampung piso, di magcacautang na ng limang pu, ano pat sa guinayon gayon ay lalong lumalaki ang utang, ganito rin ang nangyari sa mga cabisa.

Sa mga bagay na sinabi sa itaas, sa banta co ay hindi dapat calimutan ang pinagcautangan ng loob lalong lalo na sa mga nagtawid na hindi binabayaran at hindi naman nag-aatay na pagbayaran, caya nga mga guiniguliw na bumabasa, inyong samantalain itong isinaysay co cing may catotohanan o wala, at cing caya co nalisulat ito ay sanhi sa ating linalayan ngayon, na baca sacaling cing matapus ang paghihiganti ng ngayo'y nangaghihirap ay wawaling bahala at ang cacatowiranin ay tapus na; huig gayon, macalilibong huag, at ang ating isipin ay ang utang, sa madali at sa ma-luat na panahon ay babayaran, at cing magcagayon ang ating gagawin ay pacaasahan na hindi natin aabutin ang pag-iisa at ang pangalang magcacapatid, at cayapalapa'y ang sapitin ay ang habang panahong pagcacalit at tayo'y tanawin sa masamang aniyo ng ibang naciong nagmamasiid. Wawacan itong pagtalata at bahalang cumuro ang mga liniliyag na nagsisibasa dini sa aking palagay.

MODESTO SANTIAGO.

MGA BALITA

Ang general

Alejandrino

Noong sabadong nagdaan 4 las 9 ng umaga ayanangagsirating sa harap ng hocbo ng americano sa bayan ng Angeles, na may taglay na banderang puti na pinacatanda ng nasang makipagsalitaan, ang general Alejandrino at ang caniyang mga ayudante, ang teniente coronel Soriano at ang comandante Ortiz.

Ngisabang sila'y ibig makipagkita sa general Otis, at sa utos ng general MacArthur ay sa canila'y sinabi na hintin ang casagutan ng nasabing general Otis.

Samantalang nangagsasalitaan ang dalawang general na americano, ay dumating ang labing-apat na prisionerong americano na ipinangaco ng mga fili-

(5) sa pagcat ang hindi marunong bumuga sa yapac ng puri agad mawawala ang puri at buhay at ganda ng mukha.

At ang upasala camtan mo marahil... at ang mga tainga ay iyong batakin.

P. Lucas, Ng di pamarahan ng sino ma't alin na dumating dito? nasa ay supilin.

Ang corporaciones nitong capuluan mulang unang daco sadyang namuhunan, ng buhay, ng pagod at ng camatayan upang manatili bandilang wagayway.

Ng inang España na alam tumingin sa anac na sadyang dunong na gumiliw, caya ang sinomang sa ami'y magbaliw a-abuting pilit camataya't libing.

Gaya ng nangyari doon sa Obispo cing tura'y Zamora't tadhana sa Cebu, at ng nacasama na dumating ditong gobernador civil ngala'y si Corrasco.

At sa canonigong cusang nagsiswalat ng buti, ng sama at ng ibang piclat, ng mga castilang dito ay nagecalat.

Peña.

[Sino бага yaon?

P. Lucas, —Ang lubhang pangahas na padre Arnedo na sadyang nag sermón sa bayang Samdloc ng isang panahon sa Tercera Orden ang sumunod doon saca sa Binundok na lubhang hinahan,

ANG KAPATID NANG BAYAN

G. B. FRANCISCO

ANG KATIPUNAN

COSAS DEL 1896

—o(—

Caya nga ang sama na ipinagsulit mula pa ng una at sa sacerdotes, at ang mga paring pangalan ay frailes tunay nganing lahi ng mga balawis.

ICAAPAT DIGMA

Beng, beng, si insic Kaco at ilang singui.

Kaco. —[Maganda hapon po!

P. Lucas, —[Hola insic Kaco

ianó icaó sadya, balaqui palito?

Kaco. —Akin po dalá caunti legalo,

cu hini mamuti hini naman huaso.

P. Lucas, —[Tuloy cal tuluy cal tuloy sa dispensa.

pino camacatló na pawawalan, at ang mga prisionerong iyon ay dumating dito kahapon ng 4 las 8 ng gabl.

Sa tren ding iyon ay dumating dito sa Maynila ang general Alejandrino, ang teniente coronel Soriano at ang camandante Ortiz, na siyang maguiguing interpete sa pagsasalitaan ng mga comisionadong ito.

Nang lumunsad sa tren ang general Alejandrino at ang caniyang mga casamahan, ang canilang pananamit ay ang totoong marikit na de-gala ng hocbo ni Aguinaldo, sa macatowid bagay guerrang dril na puti at may mga cordon, sardinetas at alamares na guinto at salawal na makipot na mapula.

Doon natitira sa Hotel de Oriente ang general Alejandrino at ang dalawa niyang casama.

Baga man pinagpipilitan nang mangsa sumusulat sa pamahayagan na itanong sa mga comisionadong tagalog tung an ang dahilan ng canilang pagparito ay ayaw magsabi.

Cahapon ay nangagsalitaan ang mga sinugo ni Aguinaldo at ang general Otis.

Dumating camacalawa sa gabi na galing sa Angeles, ang general Otis at ang caniyang mga casamahan, na ano pa't nauna lamang nang isang oras sa pagdating dito sa Maynila ng mga comisionadong filipino.

Nagaway

Sa isang bahay ng sugalan ay nag-away ang dalawang manunugal dahil sa tayaan, nasagutan ang isa sa canila sa sentido dahil sa isang hiwa ng cortapluma.

Ang sargento sa compañía B ng policía civil ay siyang humuli sa canila at dinala sa Juzgado.

Mang loloob

Ipinasoc sa bilangguan Bilibid ang anim na tawo na pinagbibintangang casama sa loob, nacaw at pagpatay na nangyari sa Singalong na sinabi namin sa nangangalang número,

Capilla Anglicana

Sinasabi na totoong marami ang tawong nagsidal sa culto protestante na guinagawa camacalawa sa bahay n.o 69 sa daang Nueva (Ermita).

Ang ceremonia ay pinamulan ng 4

las seis ng hapon, at ang Pastor evangélico Mr. Hibbar ay ipinannawa sa wicang castila ang ilang panig ng Biblia.

Ang "Jupiter"

Camacalawa ay sumadsad sa dalampasigan dito sa Maynila, ang bagong vapor "Jupiter," consignado sa bahay ni guinoong Gutierrez hermanos.

Ang "Isla de Luzón"

Ang vapor "Isla de Luzón" ay nagdaan sa Colombo niyong ica28 ng nagdaan 4 las cuatro ng hapon na papatungo dito sa Maynila.

Ang Carolinas

Sinasabi ng mga pamahayagan sa España, na ayon sa utos na ipinahatid sa mga gobernadores sa Carolinas Orientales at occidentales, ay ipinagcaloob ang canilang mga catungculan sa mga pinuno sa Alemania, niyong ica26 nang buang nagdaan.

Ang "Sungkiang"

Dumating na nangaling sa Hongkong ang vapor "Sungkiang" at may dalang isang supot na sulat.

Mga hinuli

Sa paratang na mga oficial ng hok-bong tagalog, ay hinuli ng policía civil si na guinoong Lorenzo Sanchez at Vicente Avilés.

Dinagdagan ng sahod

Ang almirante sa escuadra-americana ay nagutos, na dagdagan ang sahod ng mga tagalog na empleado sa Capitanía del puerto, ng cincuenta por ciento sa dating sahod, ito ang nangyari sa pamamagitan ni Mr. Beandereuter.

Ipinagagalac namin ang pagcacaganito.

Transporte americano

Ang transporte "Garonne" ay dumating sa Kobe ng ica14 ng nagdaan, nangaling sa Seattle, Estados Unidos na paparito sa Maynila, at pinamunuan ng capitan C. G. Conrad, at may sacay na tatlong daan at walong pu at pitong cabayo at pitong pu't apat na tawo tungcol sa caballeria.

Nacaw

Ang mga policía americano Posillosan at Krider ay nacahuli sa daang San

Pedro, Kiapo ng isang tawong nagngalang Atanasio de la Cruz na may dalang isang cajon puno, ng sombrero na ninacaw sa fábrica ni guinoong C. Gsell, na ang halaga ay isang daan at limang piso.

Handog

Nabalitaan namin na ang kilalang comercianteng guinoong Fuster ay ipinagcatala sa comisión española na umalis camacalawa na napasa gobierno filipino, upang pakialaman ang pagpapacawala sa mga bilangong castila, ay nagpadala ng dalawang barril na alac na Jerez, bilang bayad sa magandang pagcatanggap sa caniya ng Presidente guinoong Aguinaldo, ng siya ay pumaroon sa Malolos, dahil din sa bagay na ito.

Tinangap

Tinangap ang haing pagtangui sa catungculang comandante nang bombero dito sa Maynila, guinoong Antonio Roderio, ang guinoong Preboste ay inihalal ang capitan sa nasabing bombero, guinoong Rafael Barbano at dinagdagan ang dati niyang sinasahod.

Siniyasat

Isang parejang policía sa compañía A sa Binundoc ay siniyasat ang buhay ng mga insic Ong-Sangco at Chuang-Pichay at nahulihan ng maraming panali ng cajetilla na may sulat na "La Independencia" at ang icalawa ay maraming balutan ng picadura na ang marca ay "La Consolación," ang dalawang fabricang ito ay pawang walang mga patente.

Mabuti nga sa inyo mga anac ni Confusio!

May sakit na bulutong

Ipinasoc sa hospital ng S. Lázaro ang isang babaye na labing dalawag taon ang edad, ang pangalan ay Valentina Fernando, na natitira sa daang Magdalena, (Trozo) dahil sa may sakit na bulutong.

Manunugal

Nacahuli ang policía ng dalawang pu at limang tawo na may tagalog at insic dahil sa pagsusugal, ng bawal. Salamat.

Ang teatro Oriental

Niyong lingo ay nagcaroon ng maraming nanood sa teatrong ito dahil sa mainam na palabás, ang una una ay ang

sa príncipe Malicadel at ang icalawa ay ang sa ibong Adarna.

Guinawa ang pangacong handog, at ang nangagsitama ay malabis ang catowaang tinamo.

Hinahandugan namin si guinoong José d. Leon, may ari ng nasabing teatro ng maligayan oras dahil sa siya'y guinagaling.

Nawala

Ang patente n. 1293 licencia at impuesto ay nawala.

Ang macapagdala sa daang Dulumbayan n. 41 letra B, ay bibiguan ng maraming pasalamat.

Away ng mga hayop

Sa daang Palacio sa loob ng Maynila ay nagaway ang dalawang hayop, at ang pinahangaling ay dahil sa baboy, ang isa ay nasugatan at dinala sa cawa na may mainit na tubig at ang nacasugat ay sa culungan.

SA PAGBABAGA

Dalawang compañía Macabebe na pinamumunuan ng capitan Batson ay napasa Calumpit niyong hating gabi ng ica 27 ng buang nagdaan, at ang bagay ay nagsiyasat, nguni sa malapit sa ilog Bagbag ay natagpuan ang isang kinallaguian ng mga tagalog. Ang mga tagalog ay nagtubuhan sa una pang putucan at nahuli sa canila ay apat na tawo at isang rifle. Sila ay pinagbalican ng macaraang ilang oras, at dito na naglabanan, si ca muling nangagsalis, at ng 4 las siete ng umaga ay nacuha nila at nacahuli ng limang suudalong tagalog apat na rifle, at pinawalan ang dalawang castilang bilango.

Ang capitan Batson casama ang caniyang mga sundalo ay sumulong hangang sa Maricao, sa tacot ng tagalog ay nangagsalis at walang anomang labanang nangyari.

Nabalitaan o napagtalastas, na sa dacong canan ng ilog na malaki ay may mga dalawang libong tagalog ang nangalipon, ang capitan Batson ay naparoon casama rin ang mga sundalo niya. Napagtalastas na nasa ilog na malaki malapit sa San Luis, at hindi malayo na magcaroon ng labauan. Ang namiminuno

sa compañía B ng Macabebe ay ang teniente Balch, sa 11 ng caballeria.

Nang magtatakip silim niyong juéves ay nagcabungo ang tren na may isang milla ang layo sa hilaga sa dacong Callocan. Ang mga locomotorang n. 27 at 24 na may hilang mga wagon na ang lacad ay marahan, nangcabungo na walang malaking nasira. Ang makina n.o 24 ay nacuha ng tagalog sa Angeles. Ang pagcabungon ito ay dahil sa walang ilaw capowa sa unahan.

Ang balita sa Imus ay niyong ica 29 ng buang nagdaan, ang isang pulutong sa batería F ng 5.0 ng artilleria, ay nagsasanay ng pagpapaputoc, ay sinugatan sa tuhod ng isang tagalog, ang sundalong si Lievre at caracaracay dinala sa hospital. Sa magdamag na yaon ay hindi pinucnatan ng manga tagalog ang dacong Timugan; ang nangagbabantay doon ay ang n. 4.0 ng infanteria.

Sinasabi na sa Calamba ay malaki ang catabimican, gayon din sinasabi ang pagcahahon ng capitan Larson sa bayan ng Paete at ng pagcabombardeo.

Isang pulutong na americano na pinamumunuan ng cabo Yeasily sa compañía M ay nagsiyasat mula sa tulay ng Bocawe hangang sa bayan ng Sta. Maria, nacakita sila ng ilang mga tagalog at nangagtacubuhan. Sa bagay na ito'y ang sundalong si Riuk ay nagtuloy upang maalanang ang guinagawa doon, ay ang nakita'y may tatlong pung tungcos na alambre at kinuha nila.

Ang tren nangaling sa San Fernadon ay dala ang dalawang sundalong castila at apat na tagalog na nahuli sa Anabo ng capitan Batson.

Mura, Mainam, Madali,

Gawaan ng Selosia ng mga casan-casang may manga wentok, gaya nang catre, butaca, silla, camafe at iba pa. Ang halaga ay ang pagcasundoan. Daang Bilibid n.o 15, San Sebastian, Kiapo.

Ang namamahala,
T. Anzuere.

NICOMEDES DE GUÍA SASTRE.

Alix núm. 42, D.o, Sambaloc. Jd

DOS MUNDOS

FABRICA NANG MANGA TABACO AT NANG MANGA CIGARRILLO

Kinilala ng mga paham na médico at químico na ang mga tabacong yari sa fábricang ito ay walang nicotina na siyang nacapagcacasakit sa lalamunan at dibdib ng tawo.

Hirang na dahon ng tabacong galing sa Isabela at Cagayan ang guinagamit sa fábricang ito.

Ngalan nang tabako	Lamang tabako ng bawag, i, calita	Halaga nang bawag, i, sang libo	Ngalan nang tabako	Lamang tabako ng bawag, i, cajita	Halaga nang bawag, i, sang libo
Presidentes...	25	\$ 80'00	Media Regalía...	50	\$ 22'00
Sublimes...	25	" 75'00	Conchas...	50	" 22'00
Imperiales...	25	" 70'00	Londres finos...	50	" 22'00
Regalías Dos mundos...	25	" 70'00	Londres especiales...	100	" 19'00
Libertadores...	25	" 60'00	Exquisitos...	100	" 18'00
Regalía Imperial...	25	" 50'00	Habano Especial...	100	" 15'00
Media Regalía...	50	" 40'00	Damas anilladas...	100	" 14'00
Reina Victoria Non plus ultra...	50	" 35'00	Damas...	100	" 14'00
Media Regalía Non plus ultra...	50	" 30'00	Entreactos...	100	" 12'00
Hig life in the East...	50	" 30'00	Señoritas...	100	" 10'00
Favorites of the Club...	50	" 25'00			

Ipinagbibili ang manga tabacong ito sa daan nang San Fernando núm. 17.—Binundok.

EL 82

Daan nang San Jacinto n.o 28.—Binundok.

Almacen nang sarisaring bagay na manga pintura, manga barniz at manga kangsangkapan nang manga pintor, barnizador, escultor, carpintero at iba pa.

Ang lahat nang manga bagay na ipinagbibili sa almaceng ito ay may taning nang halaga na hindi na kailangan ang magtawaran pa; ano pa't, hindi nangyayari sa ganitong paraan ang karaniwang naging kaugalian na, na ang halagang piso, sa halimbawa, ay tinuturingang dalawa, tatlo o apat na piso, at sa gawang ito, i, nasa-sayang ang panahong tumatakbo sa mawigwig na pakikipagtawaran, at ang madalás na marayaa, i, ang bumibili sa pagtawad nang hiquit sa tunay na halaga.

Dapat din naman talastastn nang manga kababayan, na ang manga pintura at manga barniz na ipinagbibili sa almaceng ito, ay pawang dalisay, sa makatowid bagay'y walang halo at tunay na gawa sa Europa o sa America, at hindi gawa-gawa lamang dito.

R ONGPIN.

SASTRERIA LUZONICA

Sa pagbaba nang tulay nang Santa Cruz núm. 5.

Pangangasiwaan ni

RODRIGUEZ AT ANG MANGA CASAMA.

Inihahandog namin sa cagalang-galang na calahatan, na magbuhat sa icalawang araw ng Octubren ng lumalacad, ay bubucsan itong bagong gawaan ng damit sa manga Guinoos at manga bata na na u-uso sa capanahunan, at cing sino man ang nagibig mag pag-gawa ng manga daramtin, ang naturang gawaan na may manga matalinong sastre, ay mangyaring dalawin at mapag-kikilalang lubos ang catotohanan ng tunay na cabutihan at camurahan ng pagtanggap sa manga bagong suki.

Manga tagalaco nang periódico.

Sa calle San Fernando n.o 17, Binundoc at sa calle Guano n.o 4, Kiapo, ay nagcacailangan ng mga tawong tagalog co nang periódico, bata o matanda, lalaki o babaye. Bibigyan nang labing dalawang pi-ong sueldo bawag isang bowan.

Hindi tatanggapin cing hindi tawong may Cédula personal, o cing sacalit bata ay may tawong kilala na sumagot sa caniya.

GUANO GUANO GUANO

Patabá sa lupang

totoong malacás, malaon at mura ang halaga na lubhang magaling sa mga TUBUHAN at manga ZACATIHAN, lalonglalo na sa mga zacatihan, na cing gamitin ang patabang ito ay sumisigabo, nananalaya at lumalago ng di cawasa sa sandaling panahon, ayon sa masasacsihan ng mga guinoong si D. JOAQUIN TORREJON at si D. JOSE BASTIDA.

Ipinagbibili sa halagang tatlong salapi't si-colo bawag arroba ni

H. J. ANDREWS & Co.

ANLOAGUE N.o 13,
BINONDO.

GUANO

RAJAS TANGAL

Se venden al por mayor

RAZON

Compañía General de Tabacos

de Filipinas.

ISLA ROMERO N.o 1.

hN

Pahayag
Ipinagbibili ang dalawang makina SINGER de pie na halos mga bago. Sa daang Isla del Romero número 8, makikita.
Juan Mendoza

Pedro de Castro Clavador,
AFINADOR AT COMPOSITOR
ng mga piano at armonium, etc.
JOLÓ 16, BINUNDOK.

Barroeria ng "La Libertad"
Kinuncumpuni ng madali, magaling at mura ang lahat ng bagay na coche.
Mendoza n.o 20 (Quiapo) sa tapat ng bahay ng doctor Valdes. 15/0

Sastreria at Camiseria ni Victorio de Lara y C.^a
Escolta, 21.
Cahit na sa Escolta ang sastreria at camiseriang ito nitong mga guinoos, ay mura cing tumangap,